Mga Opsyon ng Relief sa Mortgage para sa Mga Service Member

Nakatuon ang Freddie Mac sa pagtulong sa mga service member na makaiwas sa pagremata o foreclosure

Kung pag-aari ng Freddie Mac ang inyong mortgage at nagkakaproblema kayo sa pagbabayad ng inyong mortgage, mahalagang makipag-usap kayo sa nagpapautang sa inyo (tinatawag ding mortgage servicer) sa lalong madaling panahon. Puwede rin ninyong tawagan ang Suporta sa Customer ng Freddie Mac sa 1-800-FREDDIE at piliin ang opsyon #2.

Mga Opsyon ng Relief sa Mortgage ng Freddie Mac

- **Refinance:** Sa pamamagitan ng pagre-refinance ng bagong pautang na may mga bagong termino, maaaring mabawasan ang inyong mga buwanang bayad sa isang antas na mas abot-kaya. Kung wala o halos wala kayong equity sa inyong bahay at hindi kayo kwalipikado para sa tradisyonal na pag-refinance, baka puwede kayong mag-refinance sa pamamagitan ng pederal na Home Affordable Refinance Program (HARP).
- **Forbearance:** Kung may hinaharap kayong panandaliang problemang pinansyal at nangangailangan kayo ng pansamantalang tulong sa inyong mortgage, puwede kayong alukin ng nagpapautang sa inyo ng "forbearance." Sa opsyong ito, pansamantalang babawasan o sususpindihin ng nagpapautang sa inyo ang mga pagbabayad ninyo ng mortgage para makabangon kayo.
- **Reinstatement o Repayment Plan:** Kung ilang buwan na kayong hindi nakakabayad sa inyong mortgage dahil sa panandaliang problemang pinansyal, pero ngayon ay secure na ulit ang inyong pinansya, puwede kayong maging kwalipikado para sa isang reinstatement o repayment plan. Bibigyang-daan kayo ng mga opsyong ito na maging updated sa pamamagitan ng paghabol sa mga napalampas ninyong bayad, at mga late fee, sa pamamagitan ng pagbabayad nang buo o sa loob ng isang takdang tagal ng panahon sa pamamagitan ng pagsasama ng isang bahagi ng past due sa regular ninyong buwanang bayad.
- **Pagbabago o Modification**: Kung hindi kayo nakakabayad ng inyong mortgage, o kung inaasahan ninyong malapit na kayong hindi makabayad, ang pakikipagtulungan sa nagpapautang sa inyo para mabago ang isa o higit pa sa mga tuntunin ng inyong mortgage ay maaaring makatulong para maging mas magaan at sustainable ang inyong mga pagbabayad. Tiyaking itanong sa nagpapautang sa inyo ang tungkol sa Home Affordable Modification Program (HAMP) ng administrasyon, ang Freddie Mac Standard Modification, at iba pang opsyon sa pagbabago.
- **Short Sale o Deed-in-Lieu**: Kung hindi na ninyo kaya pa ang pagkakaroon ng sariling bahay at hindi kayo naging kwalipikado para sa mga alternatibo sa pagremata o foreclosure o ayaw na ninyong hawakan ang inyong bahay, makakatulong sa inyo ang short sale o deed-in-lieu para mabitawan ang inyong bahay at makaiwas sa mga pinansyal at emosyonal na epekto ng pagremata o foreclosure.
- **Relief sa Rate ng Interes:** Sa panahong aktibo kayo sa duty, at sa loob ng isang taon pagkatapos magwakas ang aktibo ninyong duty, puwede kayong maging kwalipikado na limitahan ang rate ng interes sa inyong mortgage sa 6% kada taon.

Itinuturing ng Freddie Mac ang isang Permanent Change of Station (PCS) na pinansyal na kahirapan. Kung maaari kayong ma-relocate dahil sa PCS order, kwalipikado kayong makonsidera para sa aming mga opsyon na alternatibo sa pagremata o foreclosure.

Mag-ingat sa mga scam sa pag-rescue mula sa pagremata at panloloko sa short sale! Bisitahin ang http://myhome.freddiemac.com/mortgage- help/avoid_fraud.html para matuto pa.

Para sa higit pang impormasyon:

Bisitahin ang http://myhome.freddiemac.com/mortgage-help/military-assistance.html o tawagan ang Suporta sa Customer ng Freddie Mac sa **1-800-FREDDIE** at piliin ang opsyon #2.

Numero ng Publication 905 ■ Hunyo 2015

Freddie Mac
We make home possible®